# Pagaayuno Yugto 14

"1 Nang magkagayo'y inihatid ng Espiritu Santo si Jesus sa ilang upang siya'y tuksuhin ng diablo. 2 At nang siya'y makapagayunong apat na pung araw at apat na pung gabi, sa wakas ay nagutom siya. 3 At ang manunukso ay dumating at nagsabi sa kaniya, Kung ikaw ang Anak ng Dios, ay ipagutos mo na ang mga batong ito ay maging mga tinapay. 4 Datapuwa't siya'y sumagot, at sinabi, Nasusulat, Hindi sa tinapay lamang mabubuhay ang tao, kundi sa bawa't salitang lumalabas sa bibig ng Dios.5 Nang magkagayo'y dinala siya ng diablo sa bayang banal; at inilagay siya sa taluktok ng templo, 6 At sa kaniya'y sinabi, Kung ikaw ang Anak ng Dios, ay magpatihulog ka: sapagka't nasusulat, Siya'y magbibilin sa kaniyang mga anghel tungkol sa iyo: at, Aalalayan ka ng kanilang mga kamay, Baka matisod ka ng iyong paa sa isang bato.7 Sinabi sa kaniya ni Jesus, Nasusulat din naman, Huwag mong tutuksuhin ang Panginoon mong Dios.8 Muling dinala siya ng diablo sa isang bundok na lubhang mataas, at ipinamalas sa kaniya ang lahat ng mga kaharian sa sanglibutan, at ang kaluwalhatian nila; 9 At sinabi niya sa kaniya, Lahat ng mga bagay na ito ay ibibigay ko sa iyo, kung ikaw ay magpapatirapa at sasambahin mo ako. 10 Nang magkagayo'y sinabi sa kaniya ni Jesus, Humayo ka, Satanas: sapagka't nasusulat, Sa Panginoon mong Dios sasamba ka, at siya lamang ang iyong paglilingkuran. 11 Nang magkagayo'y iniwan siya ng diablo; at narito, nagsidating ang mga anghel at siya'y pinaglingkuran." (Mateo 4:1-11)

"1 Nang magkagayo'y inihatid ng Espiritu Santo si Jesus sa ilang upang siya'y tuksuhin ng diablo." (Mateo 4:1) Ang ating Panginoon at Tagapagligtas na si JesuCristo bago siya nasangkot sa paglilingkod sa Diyos, Siya ay pinangunahan ng Banal na Espiritu upang tuksuhin ng diablo. At ito ang katotohanan, anumang gawain na pinagawa ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang bayan ito ay sasalungatin at hahadlangan ng diablo. Ngunit ang Panginoon ay tapat at ito ay ipinahayag sa Kanyang Salita sa atin, sa Kanyang simbahan. "16 At sinasabi ko naman sa iyo, na ikaw ay Pedro, at sa ibabaw ng batong ito ay itatayo ko ang aking iglesia; at ang mga pintuan ng Hades ay hindi magsisipanaig laban sa kaniya. " (Mateo 16:18) Ang pintuan ng impierno ay ang bukana ng impierno. At bilang ang simbahan ay itinayo, lumago at lumawak ito ay haharap sa pintuan ng impierno sa anyo ng mataktikang pag-atake mula kay Satanas at sa mga demonyo nito upang hadlangan ang gawa ng Diyos at ang mga paglilingkod ng simbahan. Ngunit ang Diyos ay tapat itatas Niya ang Kanyang simbahan at itataas Niya tayo at itataguyod tayo at ang ating mga paglilingkod hanggang ang Kanyang layunin ay manaig at hanggang Siya ay dumating at kunin tayo papunta sa Langit.

* Ngayon, kung ang ating Panginoon at Tagapagligtas na si JesuCristo ay pinagunahan ng Banal na Espiritu upang tuksuhin ng diablo gaano pa kaya ako at ikaw ay susubukan din ng mga plano ng diablo.

Isapuso at maging matatag, ang mga tukso ay naririyan at si Satanas na manunukso ay nasa palibot natin, ngunit si Jesus ay nagbigay sa ating mabuting katuruan at ipinakita ang mabuting halimbawa kung paanong labanan at pagtagumpayan ang diablo at mga plano nito.

"2 At nang siya'y makapagayunong apat na pung araw at apat na pung gabi, sa wakas ay nagutom siya." (Mateo 16:2) Si Jesus nang siya ay inatake at tinukso ni Satanas Siya ay nasa ilalim ng pagaayuno. Tayo ay tinawag upang mag-ayuno habang tayo ay pinangunahan ng Banal na Espiritu upang tuksuhin ni Satanas habang tayo'y kumikilos at sumusulong upang dumaan sa paglaban na inilalagay ng diyablo sa harap natin sa pamamagitan ng mga pintuan ng impiyerno.

Sa pagaayuno sa panahon ng tukso ay ikaw ay papatnubayan upang gawin ang tama at magbabantay sayo laban sa paggawa ng maling bagay laban sa Diyos at sa Kanyang Salita laban sa panahon ng iba't ibang mga tukso.

1. Si Satanas ay maaring tuksuhin ka na gumawa ng mga bagay laban sa Salita ng Diyos. Pagkatapos ng panahon ng pagaayuno si Jesus ay nagutom, kaya "3 At ang manunukso ay dumating at nagsabi sa kaniya, Kung ikaw ang Anak ng Dios, ay ipagutos mo na ang mga batong ito ay maging mga tinapay. 4Datapuwa't siya'y sumagot, at sinabi, Nasusulat, Hindi sa tinapay lamang mabubuhay ang tao, kundi sa bawa't salitang lumalabas sa bibig ng Dios." (Mateo 4:3-4) Sinabi ni Satanas kay Jesus na gawing tinapay ang bato upang siya ay makakain at mawala ang kanyang gutom. Kayang gawin iyon ni Jesus sapagkat marami siyang nagawang mga himala. Datapuwa't hindi ginawa ni Jesus ang iminungkahi ni Satanas sapagkat iyon ay hindi nasusulat sa Salita ng Diyos. Sa tiyak na panahon si Satanas ay darating at tutuksuhin ka na gawin ang ilang mga bagay upang ang iyong mga suliranin ay malutas, gaya ng pagsasabi ng kasinungalingan, pagnanakaw, upang gumawa ng pandaraya, upang manghuthot o upang magnakaw. Ngunit hangga't ang iminumungkahi ni Satanas ay labag sa Salita ng Diyos sa gayon hindi mo maaring gawin iyon; hindi ka makakagawa ng mali, magnakaw o lumaban o manlinlang, o gumawa ng pandaraya para makuha ang iyong karapatan.

Tayo'y nabubuhay sa pananampalataya sa Diyos at sa Kanyang Salita. Mula sa ating binasa mauunawaan natin na hindi tayo mabubuhay sa sarili nating kalakasan at kapangyarihan. Kahit na magagawa natin ito sa pamamagitan ng ating sariling kapangyarihan at kalakasan hindi ito ang paraan upang makamit ang mabubuting bagay sa ating buhay. Ngunit tayo'y nabubuhay sa pananampalataya batay sa Diyos at sa ipinapahayag ng Kanyang Salita. Hindi dapat nating sirain ang Salita ng Diyos upang makuha ang ating kailangan sapagka't walang pagpapala sa paggawa niyon.

Habang tayo nagaayuno, tayo’y nagsisisi sa harapan ng Diyos mula sa paggawa ng masama at masasamang bagay na salungat sa Kanyang Salita, at bumalik sa Kanya, nagtitiwala sa Kanya at sa Kanyang Salita na tatanggapin natin ang lahat ng ating mga kailangan mula sa Kanyang mahalagang pangako sa atin, "3Yamang ipinagkaloob sa atin ng kaniyang banal na kapangyarihan ang lahat ng mga bagay na nauukol sa kabuhayan at sa kabanalan, sa pamamagitan ng pagkakilala sa kaniya na tumawag sa atin sa pamamagitan ng kaniyang sariling kaluwalhatian at kagalingan;" (2 Pedro 1:3) Sabihin kay Satanas kapag ikaw ay tinukso "Hindi sa tinapay lamang mabubuhay ang tao, kundi sa bawa't salitang lumalabas sa bibig ng Dios." (Mateo 16:4) Ang sagot ni Jesus sa diablo ay nagmula sa

Deutronomio, "At ikaw ay pinapangumbaba niya, at pinapagdamdam ka niya ng gutom, at pinakain ka niya ng mana, na hindi mo nakilala, ni nakilala ng iyong mga magulang; upang kaniyang maipakilala sa iyo na hindi lamang sa tinapay nabubuhay ang tao, kundi sa bawa't bagay na nagmumula sa bibig ng Panginoon." (Deutronomio 8:3) Pinapakumbaba ng Diyos ang Kanyang bayan sa ilang nang pinatigil Niya ang pagkain mula sa kanila, ngunit ganon din nang binigyan niya sila ng pagkain ay bagay na hindi alam ni ng kanilang ama ang tinapay na iyon. Kapag tayo ay nasa ganoong kalagayan na hindi natin alam kung paano pamahalaan ang ating buhay at tugunan ang ating pangangailangan , ang Panginoon ay naririyan nagmamasid sa atin at tinitingnan ang ating katapatan at sa Kanyang panahon gagawa Siya ng bagay na lampas sa ating kaunawaan upang ibigay ang ating mga kailangan.

Mula sa talinghaga ni Jesus sa Banal na Kasulatan matutunan din natin na ang kahalagahan ng pagbabasa ng Salita ng Diyos sa araw-araw at pagnilayan ito para magawa nating harapin ang tukso ng diablo.

Ngayon sagutin ang mga katanungang ito: Mayroon ka bang sariling Bibliya? Binabasa mo ba ang iyong Bibliya araw-araw? Nagbabasa ka ba ng sunod sunod? Nagbabasa ka ba ng sapat na bilang ng 3-4 na kabanata araw-araw at pinagninilayan ang mga ito? Naglalaan ka ba ng oras para sa pagbabasa ng Bibliya?

2. Maging may alam na maaring gamitin ng diablo ang Salita ng Diyos sa maling pagsasagawa upang linlangin ka: "5 Nang magkagayo'y dinala siya ng diablo sa bayang banal; at inilagay siya sa taluktok ng templo,6 At sa kaniya'y sinabi, Kung ikaw ang Anak ng Dios, ay magpatihulog ka: sapagka't nasusulat, Siya'y magbibilin sa kaniyang mga anghel tungkol sa iyo: at, Aalalayan ka ng kanilang mga kamay, Baka matisod ka ng iyong paa sa isang bato. 7 Sinabi sa kaniya ni Jesus, Nasusulat din naman, Huwag mong tutuksuhin ang Panginoon mong Dios." (Mateo 16:4-7) Mula sa halimbawang ito matutunan natin na ginamit ng diablo ang Salita ng Diyos ngunit sa mailing pagsasagawa upang tuksuhin si Jesus para gumawa ng maling desisyon at itapon ang Kanyang sarili mula sa mataas na dako at mamatay. Ginamit ng diablo ang Salita ng Diyos sa Awit 91 "11 Sapagka't siya'y magbibilin sa kaniyang mga anghel tungkol sa iyo, upang ingatan ka sa lahat ng iyong mga lakad.12 Kanilang dadalhin ka sa kanilang mga kamay, baka matisod ka ng iyong paa sa isang bato." ( Awit 91:11-12) Sinaway ni Jesus si Satanas mula sa Salita ng Diyos. "16 Huwag ninyong tutuksuhin ang Panginoon ninyong Dios, gaya ng tuksuhin ninyo siya sa Massah." (Deutronomio 6:16) Dapat batid natin ang Salita ng Diyos upang makilala natin ang tukso ng diablo at upang sawatain siya at palayain ang ating sarili mula sa mga tukso.

Narito ang tukso kay Jesus ay nasa templo at ginamit ng diablo ang Salita ng Diyos upang tuksuhin siya para gumawa ng masama at labag sa kalooban ng Diyos, kaya't hindi mo dapat kunin ang Salita ng Diyos ng wala sa kaugnay na kahulugan at pilipitin ang kahulugan nito, o kunin ang mga pangako at iwanan ang mga kondisyon na hindi nagawa upang umangkop sa iyong sariling layunin.

Nalalaman na ang mga bagay na ginagawa natin ay mali sa gayon hindi dapat nating ipagpatuloy sa direksyong iyon at ilagay ang Panginoon sa pagsubok. Hindi sinabi ng Diyos na ikaw ay maaring tumalon dahil ipapadala ko ang aking mga anghel upang ikaw ay iligtas bagkus ang Salita ng Diyos ang pangako ay ito: Kung may taong gustong saktan ka at ikaw ay ihagis ipapadala ng Diyos ang Kanyang anghel upang protektahan ka.

Maraming mga tao silay gumagawa ng maling mga hakbangin at desisyon, ngunit sa huli inilalagay nila ang pananagutan sa Diyos. At sasabihin 'Bakit hini ako pinigilan ng Diyos? Anuman ang mga hakbangin na iyong ginawa sa nakaraan dapat ikaw ay maging responsable sa iyong ginawa at maging handa na tanggapin ang mga kinahinatnan. Sa gayon maging matalino at huwag pagsamantalahan ang Diyos at ang Kanyang Salita. Kung ikaw ay may gagawing tiyak na desisyon ngunit hindi ka sigurado kung ito'y kalooban ng Diyos, sa gayon huminto kung anong ang iyong gagawin, manalangin at magayuno at maghintay sa Diyos kung ano ang iuutos Niya sayo para gawin. Huwag kumilos pasulong ng hindi naririnig ang Rhemang Salita at mga tagubilin iyon ay ang tinig ng Banal na Espiritu, kung hindi makikita mo ang iyong sarili na tumatalon at malapit ng madurog.

Ilan sa aking mga tanong sa mga lumalapit para sa pagpapayo at para sa mga pumunta at nagbukas ng kanilang buhay at humingi ng payo tungkol sa ilang bagay na kanilang gagawin, 'Sinabi ba ng Diyos na gawin mo iyan? 'Tinanong mo ba ang Diyos tungkol dyan? O 'Ginawa mo ba iyan pagkatapos mong marinig ang tinig ng Diyos? Nang parehong mga katanungang ito ay tanungin mo ngayon upang sagutin sa gayo'y ikaw ay mapigilan at tumigil mula sa paggawa ng iyong sariling nakakapinsalang kagustuhan.

Kapag nalaman ko na ang tao ay tinutukso at inuudyukan ng diyablo na gumawa ng ilang bagay, lalo na kung ito'y makakapinsala sayo o sa kanya, aking sasabihin ang sumusunod: 'Wala kang suliranin nakikiusap ako na huwag gumawa ng suliranin at makakasakit sa iyong sarili at sa iba.

3. Si Satanas ay maaring magbigay ng materyal na mga pagpapala ngunit ang mga kaguluhan ay kasunod ng mga ito: "8 Muling dinala siya ng diablfo sa isang bundok na lubhang mataas, at ipinamalas sa kaniya ang lahat ng mga kaharian sa sanglibutan, at ang kaluwalhatian nila; 9 At sinabi niya sa kaniya, Lahat ng mga bagay na ito ay ibibigay ko sa iyo, kung ikaw ay magpapatirapa at sasambahin mo ako. 10 Nang magkagayo'y sinabi sa kaniya ni Jesus, Humayo ka, Satanas: sapagka't nasusulat, Sa Panginoon mong Dios sasamba ka, at siya lamang ang iyong paglilingkuran." (Mateo 4:8-10) Ang totoong mga pagpapala ay mula sa Diyos at hindi Niya idagdag sa mga ito ang mga kaguluhan. "Ang pagpapala ng Panginoon, ay nagpapayaman, at hindi niya idinadagdag ang kapanglawan." (Kawikaan 10:22) Si Satanas ay maaring magbigay ng mga materyal na bagay. Ibibigay niya ito sayo ngunit ilalayo ka Niya mula sa paglilingkod sa Diyos at pamumuhay ng karapat dapat ng iyong katawagan at espirituwal na pagsamba patungo sa Diyos. "Sinoma'y hindi makapaglilingkod sa dalawang panginoon: sapagka't kapopootan niya ang isa, at iibigin ang ikalawa: o kaya'y magtatapat siya sa isa, at pawawalang halaga ang ikalawa. Hindi kayo makapaglilingkod sa Dios at sa mga kayamanan."(Mateo 6:24) Habang nakikita mo ang iyong sarili na tinukso at inakit ng materyal na mga bagay at salapi at lumayo sa Diyos at mula sa Kanyang simbahan, sa gayon ang

pagpapalang ito ay hindi mula sa Diyos kundi hinihila ka palayo ni Satanas, at kapag nahila kana palabas ni Satanas pagkatapos mawawala ang iyong kaligtasan. Kaya kailangan mong umiwas doon, magsisi, at lumapit sa Diyos sa pagsisisi at pagaayuno, hingin sa Panginoon na ibigay ang para sayo at akayin ka sa tamang hakbangin na kailangan mong gawin.

Narito si Satanas ang sinungaling ay sinabi kay Jesus na ibibigay niya ang lahat ng kaharian sa sanglibutan kung sasambahin siya ni Jesus. Huwag maniwala kay Satanas, sapagkat wala siyang ibibigay sayo kundi suliranin lamang.

Marami ang umaalis sa simbahan o sila'y hindi na pumunta sa simbahan at naglingkod sa Diyos dahil sila ay nakatuon sa kanilang trabaho at gawain. Ang Diyos ang nagbigay sa kanila ng trabaho ngunit nang tinanggap na nila ang salapi itinuon nila ang kanilang buhay sa kanilang amo at sa kanilang trabaho at wala na sa Diyos. Huwag kang mapabilang sa mga ganyang uri ng tao at ang pagibig sa salapi ang humadlang sayo sa paglilingkod sa Diyos at sa huli'y magdudulot sayo ng pagkawala ng iyong buhay na walang hanggan.

Huwag maging kabilang sa ganoong uri ng mga tao at huwag hayaang ang iyong isip ay akayin ka sa pagsunod sa diablo bagkus sawayin si Satanas sabihin sa kanya gaya ng sinabi ni Jesus sa kanya, "Sa Panginoon mong Dios sasamba ka, at siya lamang ang iyong paglilingkuran." (Mateo 4:10)

"Nang magkagayo'y iniwan siya ng diablo; at narito, nagsidating ang mga anghel at siya'y pinaglingkuran." (Mateo 4:11) Nang sinubukan ng diablo si Jesus ng tatlong beses at napagtanto na hindi niya kayang pasunurin Siya, iniwan niya Siya at dumating ang mga anghel at pinaglingkuran Siya. Sa parehong paraan, kapag tinanggihan mo ang diablo at nagawa niyang mapagtanto na hindi niya kayang gamitin ka na gumawa ng anumang masama, sa gayon siya ay lalayo sayo at sa halip na diablo ay magkakaroon ka ng Banal na Espiritu na magsasalita sayo, upang pangunahan ka at gabayan ka, at ang mga anghel ng Diyos ay dadalo sayo upang ikaw ay tulungan at ikaw ay gabayan sa iyong misyon at sa iyong paglilingkod sa Diyos.

Tayo ay magpatuloy sa Banal na Kasulatan upang matuto pa tungkol sa pagaayuno sa Bagong Testamento at upang isagawa iyong kaloob ng Diyos sa ating buhay at paglilingkod.

"14 At pagdating nila sa mga alagad, ay nakita nilang nasa kanilang palibotlibot ang lubhang maraming mga tao, at ang mga eskriba ay nangakikipagtalo sa kanila. 15 At pagdaka'y ang buong karamihan, pagkakita nila sa kaniya, ay nangagtakang mainam, at tinakbo siya na siya'y binati. 16 At tinanong niya sila, Ano ang ipinakikipagtalo ninyo sa kanila? 17 At isa sa karamihan ay sumagot sa kaniya, Guro, dinala ko sa iyo ang aking anak na lalake na may isang espiritung pipi; 18 At saan man siya alihan nito, ay ibinubuwal siya: at nagbububula ang kaniyang bibig, at nagngangalit ang mga ngipin, at untiunting natutuyo: at sinabi ko sa iyong mga alagad na siya'y palabasin; at hindi nila magawa. 19 At sumagot siya sa kanila at nagsabi, Oh lahing walang pananampalataya, hanggang kailan makikisama ako sa inyo? hanggang kailan titiisin ko kayo? dalhin ninyo siya rito sa akin. 20 At dinala nila siya sa kaniya: at pagkakita niya sa kaniya, ay pagdaka'y pinapangatal siyang lubha ng espiritu; at siya'y nalugmok sa lupa, at nagpagulonggulong na bumubula ang kaniyang bibig. 21 At tinanong niya ang kaniyang ama, Kailan pang panahon nangyayari sa kaniya ito? At sinabi niya, Mula sa pagkabata. 22 At madalas na siya'y inihahagis sa apoy at sa tubig, upang siya'y patayin: datapuwa't kung mayroon kang magagawang anomang bagay, ay maawa ka sa amin, at tulungan mo kami. 23 At sinabi sa kaniya ni Jesus, Kung kaya mo! Ang lahat ng mga bagay ay may pangyayari sa kaniya na nananampalataya. 24 Pagdaka'y sumigaw ang ama ng bata, at sinabi, Nananampalataya ako; tulungan mo ang kakulangan ko ng pananampalataya. 25 At nang makita ni Jesus na dumaragsang tumatakbo ang karamihan, ay pinagwikaan niya ang karumaldumal na espiritu, na sinasabi sa kaniya, Ikaw bingi at piping espiritu, iniuutos ko sa iyo na lumabas ka sa kaniya, at huwag ka nang pumasok na muli sa kaniya. 26 At nang makapagsisisigaw, at nang siya'y mapangatal na mainam, ay lumabas siya: at ang bata'y naging anyong patay; ano pa't marami ang nagsabi, Siya'y patay. 27 Datapuwa't hinawakan siya ni Jesus sa kamay, at siya'y ibinangon; at siya'y nagtindig. 28 At nang pumasok siya sa bahay, ay tinanong siya ng lihim ng kaniyang mga alagad, Paano ito na siya'y hindi namin napalabas? 29 At sinabi niya sa kanila, Ang ganito ay hindi mapalalabas ng anoman, maliban sa pamamagitan ng panalangin at pagaayuno.(Marcos 9:14-29)

Ang talaata ay nagsasbi tungkol sa batang lalaki na inaalihan ng demonyo na dinala ng kanyang ama sa mga alagad ni Jesus para sa pagpapalaya ngunit hindi nila nagaqa iyon. Kaya ang ama ay pumunta sa Panginoong Jesus at nagmakaawa sa kanya upang palayasin ang demonyo mula sa kanyang anak. Ginawa ito ni Jesus. "ay pinagwikaan niya ang karumaldumal na espiritu, na sinasabi sa kaniya, Ikaw bingi at piping espiritu, iniuutos ko sa iyo na lumabas ka sa kaniya, at huwag ka nang pumasok na muli sa kaniya. 26 At nang makapagsisisigaw, at nang siya'y mapangatal na mainam, ay lumabas siya: at ang bata'y naging anyong patay; ano pa't marami ang nagsabi, Siya'y patay." (Marcos 9:14-29)

Ang pananalangin at pagaayuno ay napaka halaga at kailangan para sa pagpapalaya. Ang mga tao ay pupunta sa atin para tulungan sila sa kanilang kahirapan sa buhay habang ang demonyo at si Satanas ay nilulusob sila, sa gayon ang ating pananalangin at pagaayuno ay kinakailangang para sa ganoong layunin. Bago tayo mapasama sa paglilingkod kailangan nating ihanda ang ating mga sarili sa pananalangin at pagaayuno gaya ng ginawa ni Jesus sapagkat ang ating paglilingkod ay laban sa diablo at ito'y sasalungatin ng diablo.

Ang mga tao ay pupunta sa atin upang tulungan sila at hindi lamang sa mga pagsubok na pinagdaraanan nila kundi gayundin sa kanila kawalan ng pananampalataya. Ang lalake na lumapit kay Jesus ay nagsabi sa Kanya, "datapuwa't kung mayroon kang magagawang anomang bagay, ay maawa ka sa amin, at tulungan mo kami. 23 At sinabi sa kaniya ni Jesus, Kung kaya mo! Ang lahat ng mga bagay ay may pangyayari sa kaniya na nananampalataya. 24 Pagdaka'y sumigaw ang ama ng bata, at sinabi, Nananampalataya ako; tulungan mo ang kakulangan ko ng pananampalataya." (Marcos 9:22-24) Ang lalaki ay nagsabi kay Jesus, "tulungan mo ang kakulangan ko ng

pananampalataya." Sa parehong paraan ang mga to ay pupunta sa atin ng may pagdududa at walang pananampalataya, ang ating pananalangin at pagaayuno ay tutulong sa kanila upang lampasan ang kanilang kawalan ng pananampalataya.

Bago tayo mapasama sa pagpapalaya sa mga inaalihan ng demonyo kailangang ihanda natin ang ating mga sarili sa pananalangin at pagaayuno. Hindi dapat natin kunin itong madali pagdating sa pagharap sa mga demonyo at paggawa ng pagpapalaya sa mga inaalihan. Dapat tayong gumawa bilang isang pangkat, pangkat ng mga disipolo na may lubos na paglalagak sa Panginoon, sa Kanyang Salita, at mga paraan upang makamit ang pagpapalaya. Bago tayo masangkot sa alinmang pagpapalaya, kailangan nating ihanda ang ating sarili ng maaga pa nang may mabuting paghahanda, kasama ng mahusay na panahon ng pananalangin, at mabuting panahon ng pagaayuno at lumapit sa Diyos at hinggin ang tulong sa Panginoon upang tulungan tayo para palayasin ang mga demonyo.

Bilang tayo ay pinapangunahan ng Banal na Espiritu, ginagawa ang gawaing misyon, at nageebanghelyo at inaabot ang nawawala at bagong mga lugar at mga tao ng ebanghelyo, kailangang gawin natin ang mga iyon sa pamamagitan ng pananalangin at pagaayuno at dapat nating malaman na si Satanas at ang kapangyarihan ng kadiliman ay sasalungatin yaon upang hadlangan tayo mula sa paggawa ng kalooban ng Diyos at gawain ng Diyos, ngunit habang tayo'y nananalangin at nagaayuno inaanyayahan natin ang Banal na Espiritu upang manguna sa atin at wasakin ang kapangyarihan ng kadiliman at supilin ang ating kaaway sa ilalim ng ating mga paa.

Ating basahin ang Mga Gawa 13 na nagsasalita ng kahalagahan ng pananalangin at pagaayuno na kailangan sa misyong gawain. "1 Sa iglesia nga na nasa Antioquia ay may mga propeta at mga guro, si Bernabe, at si Simeon na tinatawag na Niger, at si Lucio na taga Cirene, at si Manaen na kapatid sa gatas ni Herodes na tetrarka, at si Saulo. 2 At nang sila'y nagsisipaglingkod sa Panginoon, at nangagaayuno, ay sinabi ng Espiritu Santo, Ibukod ninyo sa akin si Bernabe at si Saulo sa gawaing itinawag ko sa kanila. 3 Nang magkagayon, nang sila'y makapagayuno na at makapanalangin at maipatong ang mga kamay nila sa kanila, ay kanilang pinayaon sila." (Mga Gawa 13:1-3) Ang Banal na Espiritu ang nanguna sa mga propeta at sa mga guro ng simbahan ng Antioquia upang pumunta sa pagsamba, pananalangin at pagaayuno. At gaya ng pagtugon ng simbahan sa pangunguna ng Banal na Espiritu, sila'y sumamba at nag-ayuno sa Panginoon, ang Banal na Espiritu ay kumilos sa sumunod na yugto ng pag-unlad sa buhay ng simbahan nang kanyang sinabi, "Ibukod ninyo sa akin si Bernabe at si Saulo sa gawaing itinawag ko sa kanila." (Mga Gawa 13:2) Pinasimulan ng Banal na Espiritu ang misyong gawain sa simbahan sa simbahan ng Antioquia pagbibigay-daan sa simbahan na maabot ang mga bagong lugar ng mabuting balita ni Jesus. Sila'y nag-ayuno upang hingin sa Kanya ang higit pa Niya sa kanilang buhay. Katotohanan pinili ng Banal na Espiritu si (Saul) Pablo at Barnabas upang abutin ang malaki at bagong mga lugar ng ebanghelyo ni Jesus., at iyon ang kanilang unang missionaryong paglalakbay. Sila'y gumawa ng napakaraming bilang ng mga alagad at nagtanim ng iba't ibang kapisanan para sa simbahan. Sa gayon habang tayo'y nanalangin at nag-aayuno bilang simbahan nang may malinaw na kaisipan patungo sa Panginoon, ihihiwalay Niya ang ilan sa atin na uamlis at gawin ang gawain na inihanda Niya at tayo'y tinawag upang gawin.

Ang Diyos ay kumikilos sa ating kalagitnaan at kinakamit Niya ang pananaw ng simbahan "Pagpaparami sa kapayapaan at pagpapatupad ng buong kalooban ng Diyos" mula sa Mga Gawa 9:31 "Sa gayo'y nagkaroon ng kapayapaan ang iglesia sa buong Judea at Galilea at Samaria palibhasa'y pinagtibay; at, sa paglakad na may takot sa Panginoon at may kaaliwan ng Espiritu Santo, ay nagsisidami.", upang abutin ang bagong mga lugar at magdagdag ng bagong mga tao sa Kanyang simbahan.

Si Pablo at Barnabas, "Sila nga, palibhasa'y sinugo ng Espiritu Santo, ay nagsilusong sa Seleucia; at buhat doo'y nangaglayag hanggang sa Chipre." (Mga Gawa 13:4) Sila'y ipinadala hindi sa pamamagitan ng tao kundi sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. Ang Banal na Espiritu ay kinuha at sila inakay sila sa lugar na kailangan nilang abutin at ipangaral ang ebanghelyo ni Jesus. "5 At nang sila'y nasasa Salamina, ay kanilang ipinangaral ang salita ng Dios sa mga sinagoga ng mga Judio: at kanila namang katulong si Juan. 6 At nang kanilang matahak na ang buong pulo hanggang sa Pafos, ay nakasumpong sila ng isang manggagaway, bulaang propeta, Judio, na ang kaniyang pangalan ay Bar-Jesus; 7 Na kasama ng proconsul, Sergio Paulo, lalaking matalino. Ito rin ang nagpatawag kay Bernabe at kay Saulo, at minimithing mapakinggan ang salita ng Dios. 8 Datapuwa't si Elimas na manggagaway (sapagka't ganito nga ang pakahulugan sa kaniyang pangalan) ay humadlang sa kanila, na pinagsisikapang ihiwalay sa pananampalataya ang proconsul. 9 Datapuwa't si Saulo, na tinatawag ding Pablo, na puspos ng Espiritu Santo, ay itinitig sa kaniya ang kaniyang mga mata, 10 At sinabi, Oh puspos ng lahat ng karayaan at ng lahat ng kasamaan, ikaw na anak ng diablo, ikaw na kaaway ng lahat ng katuwiran, hindi ka baga titigil ng pagpapasama sa mga daang matuwid ng Panginoon? 11At ngayon, narito, nasa iyo ang kamay ng Panginoon, at mabubulag ka, na hindi mo makikita ang araw na kaunting panahon. At pagdaka'y nahulog sa kaniya ang isang ulap at ang isang kadiliman; at siya'y nagpalibot na humahanap ng sa kaniya'y aakay sa kamay. 12 Nang magkagayon, pagkakita ng proconsul sa nangyari, ay nanampalataya, na nanggigilalas sa aral ng Panginoon." (Mga Gawa 13:5-12) Ang unang balakid na kanilang hinarap ay ang gawa ng diablo na nakita sa pamamagitan ng pagsalungat ni Elimas na manggagaway (sapagka't ganito nga ang pakahulugan sa kaniyang pangalan) ay humadlang sa kanila, na pinagsisikapang ihiwalay sa pananampalataya. Datapuwa't si Saulo, na tinatawag ding Pablo, na puspos ng Espiritu Santo, ay ipinahayag ang parusa ng Diyos sa kanya. Ang pananalangin at pagaayuno na ang simbahan ay nakapaloob ay binigyang daan sila upang hadlangan ang kapangyarihan ng kadiliman at tumagos at abutin ang bagong mga tao at palayasin sila ng ebanghelyo ni Jesus.

Ang kapareho sa atin ngayon, ang ating pananalangin at pagaayuno ay susuportahan ang ating mga manggagawa na nangangaral ng ebanghelyo ni Jesus. Kailangan nating lumapit sa Diyos at italaga ang ating buhay at idulot sa Kanya para gamitin tayo bilang kasangkapan ni Jesus sa mga lugar na hindi pa naririnig si Jesus at ng Kanyang Salita, at sa mga tao na kailangan ng pagpapalaya mula sa kadiliman papunta sa kaliwanagan. Ang pananalangin at pagaayuno ay makakagawa sa atin ng sumusunod:

- Bagong larangan ng misyon at bagong misyonaryo ng paglalakbay para masimulan.
- Bagong mga mangagawa na tinawag upang ihiwalay sa atin para sa bagong gawain ng Diyos.

• Bagong mga lugar at lupain na kinokontrol ni Satanas at ng kanyang mga anak na mga mangkukulam, bulaang mga propeta, bulaang mga pastor, bulaang mga guro, upang matalo at hatulan ng Diyos.
• Bagong mga kapisanan na itatanim ng Panginoon.

Sa aking mahal at minamahal: Habang ikaw ay dumadaan sa matinding pakikibaka at naguguluhan na kahit hinihipo ang iyong espirituwal na buhay at paglilingkod sa Diyos, lumapit sa Kanya sa pananalangin at pagaayuno at ibigay ang iyong pasanin at tanggapin mula sa Kanya ang katiyakan, kapayapaan, kalakasan, kapahayagan, karunungan, tamang desisyon, tamang hakbangin at pagpapalaya para makalaya at bumalik mula sa paglilingkod sa Diyos at gawin at mabuhay sa Kanyang kalooban lumalakad sa pamamagitan ng makipot na pintuan at makipot na daan ng buhay na itinalaga ni Jesus para sa atin.

Ang Panginoon ay tinatawag tayo bilang simbahan upang magkaroon ng Banal na pamumuhay, at upang ipasakop ang ating sarili, sa pamamagitan ng pananalangin at pagaayuno ng ganap sa Kanya para maging kasangkapan ng Kanyang katuwiran upang isabuhay ang ating buhay para sa Kanya at magpatuloy na maglingkod sa Kanya. Ang Diyos ay ang Banal na Espiritu na tumatawag sa atin upang abutin ang bagong mga lugar at bagong mga tao ng ebanghelyo ni Jesus ng Salita ng Diyos.

Ang aking Panalangin: Amang Diyos, Ako'y lumalapit sayo sa pangalan ni Jesus na namatay para sa aking mga kasalanan sa krus at nabuhay mula sa patay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan.

Ipagtapat ang iyong mga kasalanan sa Panginoon.

Ngayon talikuran ang lahat ng iyong maling hakbang at desisyon na iyong ginawa na labag sa Salita ng Diyos at sa kalooban ng Diyos.

Dumulog ngayon sa Panginoon sa pagsisisi at lumapit sa Kanya, linisin ang iyong sarili sa paggawa ng iyong sariling kalooban, paggawa ng mga bagay laban sa Kanyang kalooban at sa pagibig sa sanglibutan at sa pagibig sa salapi, at ibigay mong muli ang iyong sarili sa paglilingkod sa Kanya at magpatuloy sa direksyon na nais Niya na ikaw ay pumunta.

Panginoon inilalagak ko ang aking buhay sa iyong kamay upang gamitin ako sa bagong misyong gawain at larangan para sa iyong kaluwalhatian. Ibigay sa akin ang kalakasan, kapangyarihan at mga kaloob ng Banal na Espiritu upang gawin iyon.

Panginoon aking ipinalangin ang aking mga Kapatiran na nagsisi at bumalik sayo. Panginoon panumbalikin mo silang bumalik sa iyong mabuting plano na mayroon ka sa kanila. Panginoon ako'y nanalangin na kanilang pasailalim ang kanilang sarili ng ganap sayo at simulang magparami ng bunga ng Banal na Espiritu na nais mong makita sa kanilang buhay at sila'y magkaroon ng parehong katangian mo para makita ng mga tao si Jesus sa pamamagitan ng kanilang buhay.

Panginoon aming ipinapangako ang aming buhay bilang simbahan upang manalangin at mag-ayuno na ikaw ang magbubukas sa amin ng bagong larangan ng misyon para masimulan, bagong mga mangagawa upang tawagin, at ihiwalay para sa bagong gawain ng Diyos, bagong mga lugar at mga lupain upang mapalaya mula kay Satanas, bulaang mga propeta, bulaang mga pastor, at bulaang mga guro, at bagong mga kaluluwa na sasampaltaya sa ebanghelyo at pupunta sa Kaharian ng Diyos at bagong mga disipolo na mahubog. Panginoon protektahan kami at ibigay ang para sa amin at paging dapatin kaming makapagtanim ng bagong pagaaral ng Bibliya at bagong kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, iligtas kami mula sa kapahamakan sa gayo'y hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ni Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus. Amen.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316214
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com